5

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 2

Aralin 5

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 5**
**Paglaganap at Katura ng Islam sa Pilipinas at ang Sultanato**
**Kuwarter 2: Aralin 5 Linggo 5**
**TP 2023-2024**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang pagpapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2023-2024. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Mark Ian C. Tagami, MAEd

**Tagasuri:** Marivic M. Pimentel, Ph.D.

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**LESSON EXEMPLAR TEMPLATE**
**TEMPLATE NG MODELONG BANGHAY-ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN/KUWARTER 2 ARALIN 5 LINGGO 5 /BAITANG 5**

| *I.* **NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| *A.* **Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa nabuong kalinangang bayan at ugnayan sa ilang piling bansa sa Asya ng mga sinaunang Pilipino. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakapagsasagawa ng gawaing nagpapahalaga sa nabuong kalinangang bayan at ugnayan sa ilang piling bansa sa Asya ng mga sinaunang Pilipino. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Natatalakay ang pagdating at paglaganap ng Islam**<br>1. Nasasabi ang mga pangyayari sa pagdating at paglaganap ng Islam<br>2. Naiisa-isa ang mga paniniwala sa Islam noong sinaunang bayang Pilipino<br>3. Nagagawa ang mga gawain o aktibidad patungkol sa Islam.<br><br>**Naiisa-isa ang mga paniniwala sa Islam noong sinaunang bayang Pilipino**<br>1. Naibibigay ang kahulugan ng konsepto ng kalinangan at uri nito<br>2. Nasusuri ang mga paniniwala, relihiyon, at tradisyon ng sinaunang bayang Pilipino<br>3. Naiisa-isa ang iba't ibang uri ng sinaunang sining, pagpapalamuti at arkitektura patungkol sa Islam<br>4. Nagagawa ang mga aktibidad bilang pagpapahalaga sa paniniwala sa Islam noong sinaunang bayang Pilipino. |
| **C. Nilalaman** | Paglaganap at Katuruan ng Islam sa Pilipinas at ang Sultanato<br>1. Pagsisimula at Paglaganap ng Islam<br>2. Mga paniniwala at aral ng Islam |
| **D. Integrasyon** | Cultural Literacy, Cultural Diversity, Lokalisasyon, Kontekstwalisasyon |

| **II. Batayang Sanggunian sa Pagkatuto** | Cajipe, A. (2023). Q1 Week 7 Paglaganap at Katuruan NG Islam Sa Pilipinas. Scribd. https://www.scribd.com/presentation/619372350/Q1-Week-7-Paglaganap-at-Katuruan-Ng-Islam-Sa-Pilipinas-Autosaved |
|---|---|

| | |
|---|---|
| | DepEd (2020). Aral Pan5 - q1 - Mod7 - Ang - Paglaganap - NG - Relihiyong - Islam - Sa - Pilipinas - v3. Scribd (Wes Account). https://www.scribd.com/document/472224116/aral-pan5-q1-mod7-ang-paglaganap-ng-relihiyong-islam-sa-pilipinas-v3.<br><br>Fablorina, A. (2014). Paglaganap ng Relihiyong Islam. Slideshare. https://www.slideshare.net/armidafablorina/paglaganap-ng-relihiyong-islam.<br><br>Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan. (2016). Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City.<br><br>Padel, J. (2023). Paglaganap NG Relihiyong Islam Sa Iba't Ibang Bahagi NG Pilipinas. Scribd. https://www.scribd.com/presentation/637256172/Paglaganap-Ng-Relihiyong-Islam-Sa-Iba-t-Ibang-Bahagi-Ng-Pilipinas.<br><br>Villanueva, Voltaire M. 2018. #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino. VMV Publishing House. Makati: Bangkal. |

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** ***(Mind & Mood)*** | **MUNTING BALIK-ARAL**<br>**Ipagawa sa mag-aaral ang mga sumusunod na gawain:**<br>**Gawain 1: HUI-laan mo ako!**<br>***Unang Araw***<br>Hulaan ang nasa larawan sa pamamagitan ng pagpuno o pagsulat ng wastong titik sa bawat kahon. | Sa bahaging ito, ang guro ay may kalayaan na magdagdag pa ng angkop na kategorya mula sa ibaba ng mag-aaral.<br><br>Maaaring gabayan pa ang guro ng mga mag-aaral sa kanilang pagbabahagi sa pamamagitan ng katanungan: |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td></td><td>| M | | | Q | | E |</td></tr>
<tr><td></td><td>| | | S | L | | M |</td></tr>
<tr><td></td><td>| | | O | | | N |</td></tr>
</table>
<br>
Gawain 2: MagSALAYSAY para sa KaSAYSAYan (#Isipin at Ibahagi)<br>
Gamit ang infographic template sa baba, ang mga mag-aaral ay magbabahagi ng kanilang nalalamang salita o konsepto tungkol sa paniniwala ng mga Muslim.
</td>
<td>
• Ano ang nasa mga larawan?<br>
• Ano ang ugnayan ng mga larawan?<br>
<br>
Sagot:<br>
Mosque<br>
Muslim<br>
Quoran (Qu'ran)<br>
<br>
Sa bahaging ito maaaring ang guro ay gumamit ng iba pang klaseng graphic organizer.<br>
<br>
Maaaring itanong ang mga sumusunod na katanungan:<br>
• Ano ang kaibahan ng Islam sa ibang relihiyon?<br>
• Paano nakatutulong ang topiko sa ating pag-aaral at sa ating buhay?
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | <br><br>**Gawain 3: Column Notes!**<br><br>Itala ang mga nalalaman o napag-aralan patungkol sa Islam gamit ang mga kolum. Maaaring gumamit ng notes sa pagtatala nito. | Sa bahaging ito ng gawain, maaari pang magbigay ng iba pang katanungan o *clues* para mas madaling maproseso ng mga mag-aaral ag mga konsepto ng aralin.<br><br>Ang aktibidad na ito ay pangdalawahan. Ang pagsagot sa kada patlang ay inaasahang gagawin patungkol sa aralin. Sa bahagi ring ito, ang guro ay may kalayaan ibahin o baguhin ang mga katanungang sa tingin niya ay mas magiging maunawaan para sa mga mag-aaral (Kontekstuwalisasyon). |

| | | |
|---|---|---|
| Pangunahing Ideya | Detalye at Paliwanag | Dahilan |
| Epekto | Talasalitaan/Kahulugan | Halimbawa o Pangungusap |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin**<br>***(Aims)*** | **Gawin ang sumusunod na gawain sa interaktibong pamamaraan:**<br>Ang mga mag-aaral ay isasagawa ang pagsusuri ng larawan at sagutin ang mga katanungan.<br><br>1. Sino sino ang nakikita mo sa larawan?<br>2. Ano kaya ang kanilang relihiyon?<br>3. Bakit mo nasabing sila ay mga Muslim?<br>4. Saang bahagi ng Pilipinas makikita ang karamihan sa kanila?<br>5. Sila ba ay mga mamamayang Pilipino tulad mo?<br><br>**TARA NA, LAKBAY TAYO!**<br>Ang mga mag-aaral ay manonood ng isang bidyo patungkol sa paglaganap ng relihiyong Islam.<br>https://youtu.be/hobFWyWv4Ng?si=iVZ8GYuB2I7tJ-Te<br><br> | Sa bahaging ito ng aralin, ang mga guro ay maaaring gawing gabay ang mga makikitang larawan at katanungan sa paglalahad ng aralin. Mayroong kalayaan ang guro na baguhin ang mga larawan ng sa tingin niyang mas-angkop o palalimin pa ang mga katanungan na sa tingin niya ay mas magiging maganda at maayos para sa pag-unawa ng mga mag-aaral.<br><br>Sa bahaging ito, gawing gabay ang mga katanungan na makikita. May kalayaan ang guro na baguhin ito sa naaangkop na lebel.<br><br>Sa bahaging *TARA NA, LAKBAY TAYO!*, ang guro ay may kalayaang gumamit ng naaayon na *technique* para sa pagsasagawa nito. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim**<br>***(Tasks and Thought)*** | Nakatuon ang araling ito sa pagpapaliwanag ng relihiyong Islam, Paglaganap ng Islam, at kasaysayan patungkol sa relihiyong Islam. | Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing |

**KONSEPTO 1: PAGLAGANAP NG ISLAM**

Dahil sa pakikipagkalakalan ng mga sinaunang Pilipino sa mga Arabong Muslim noong 1210, ay nakarating sa Pilipinas ang isang mahalagang kontribusyon sa mayamang kultura ng mga Pilipino, ang relihiyong Islam.Dumating sa Sulu si Tuan Mashai'ka, ang itinuturing na kauna-unahang nagpakilala ng Islam sa Pilipinas noong 1280. Taong 1380 ay dumating si Karim-Ul- Makdum mula sa Malacca at nangaral ng Islam sa Sulu. Matagumpay na nahikayat ni Rajah Baginda ang ilang katutubo na lumipat sa relihiyong Islam ng dumating siya sa Sulu noong 1390.Taong 1450 nang dumating mula sa Palembang si Abu Bakr ng ipalaganap niya ang Islam sa Sulu. Pinagkalooban siya ng pangalang Sharif ul-Hashim nang maging kauna-unahang sultan ng itinatag niyang pamahalaang batay sa Sultanato ng Arabia. Sa panahon niya ay mabilis na lumaganap ang Islam sa Sulu. Mula sa Mindanao ay mabilis na lumaganap ang Islam sa Luzon at Visayas. Gayunpaman, mabilis ding natuldukan ang paglaganap na ito pagdating ng mga Espanyol. Nagtungo ang mga Pilipinong Muslim sa katimugang bahagi ng Pilipinas upang mapanatili ang kanilang pagsasarili kaya patuloy pa ring pangunahing paniniwala ang relihiyong Islam sa rehiyon ng Mindanao.

**ISLAM**

Ang Islam ang pangalawa sa pinakamalaking relihiyon sa mundo. Ito ay itinatag ni Propetang Muhammed sa Saudi Arabia. Ito ay hango sa salitang Arabe na ang ibig sabihin ay kapayapaan o ganap na pagpapailalim kay Allah. Ang tawag sa Diyos ng Islam ay Allah at ang tawag sa mga tagasunod nito ay Muslim. Ang banal na aklat ng Islam ay Qu'ran o Ko'ran. Naglalaman ito ng mga salita at katuruan ni Allah na inihayag kay Propetang Muhammed. Salitang Arabe na ibig sabihin "Pagsuko" o "Pagsunod" Itinatag ni Propeta Muhammad



SAN GABRIEL
Nagpakita kay Propeta Muhammad upang ipangaral ang Islam.

gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niyang naaangkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng aralin.

Maaaring magbigay ng halimbawa ang guro kung papaano isinasagawa ang prosesong ito

Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niyang naaangkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at




SIMULA NG ISLAM
Nagsimula noong ikapitong siglo (7th century) sa Tangway ng Arabia

**SAAN PA LUMAGANAP ANG ISLAM?**

1. Indonesia
2. Philippines
3. Africa
4. India
5. Spain

**PAGSILANG NG ISLAM SA PILIPINAS**

13 siglo - Sharif Makhdum (Sulu)
1390 - Rajah Baginda
1450 - Abu Bakr (Jolo)
1475 - Sharif Kabungsuwan (Maguindanao)

**PAGSILANG NG ISLAM**

Allah - *“Subhanahu Wa Taala”*
ang tawag sa kanilang diyos

Muslim - tawag sa mga taga-sunod nito ay mapayapang nilalang
Mosque - Simbahan ng mga Muslim.
Qu’ran/ Koran - Banal na aklat ng mga Muslim.
Mecca - Pinakabanal na pook na matatagpuan sa Arabia.

**SAMPUNG DATU**

- Datu Puti
- Datu Sumakwel
- Datu Bangkaya
- Datu Dumalogdog
- Datu Paiburong

kontekstwalisasyon ng aralin.

Sa Pamprosesong at Pang-unawang Katanungan, maaaring gawing gabay ng guro ang mga katanungang makikita. Bukod dito, may kalayaan siyang magdagdag pa ng angkop na katanungan.

- Datu Paduhinog
- Datu Lubay
- Datu Dumangsil
- Datu Kalantiaw
- Datu Balensula

**PAMPROSESONG AT PANG-UNAWANG KATANUNGAN.** Habang tinatalakay ang mga konsepto sa Islam, ang guro ay maaaring iproseso ang pag-unawa ng mga mag-aaral gamit ang sumusunod na katanungan:

- Ano ang mga pangyayari na sa pag-usbong ng Islam sa Pilipinas?
  ____________________________________________
  ____________________________________________
- Ano ang mga mahahalagang impormasyong iyong nalaman patungkol sa Islam?
  ____________________________________________
  ____________________________________________
- Sino-sino ang mga maimpluwensyang mga tao na nagpausbong pa ng relihiyong Islam dito sa Pilipinas?
  ____________________________________________
  ____________________________________________
- Sa iyong palagay, paano tinitingnan ng ating mga kababayan ang relihiyong Islam?
  ____________________________________________
  ____________________________________________

Sa gawaing ito, ang guro ay maaaring ipagawa sa mga mag-aaral ng dalawahan o tatluhan. Maaari ring magbigay ng angkop na katanungan ang guro para mas madaling maiproseso ang nasabing gawain.

**GAwain 4: UGNAY-UNAWA (#Ating Ilapat at Iugnay)**

Pumili ng salita sa loob ng kahon na naglalarawan sa mga tinutukoy na pangungusap.

| | | |
|---|---|---|
| Mindanao | mangangalakal | Paramisuli |
| Pilipino | Sulu | Tuan Masha'ika |

1. Ang mga ______________ay mayroon nang sistema ng pananampalataya noon bago pa man dumating ang mga Muslim
2. Ang Relihiyong Islam ay dala ng mga ________________ na Arabong Muslim.

Ugnay-Unawa Sagot:
1. Pilipino
2. mangangalakal
3. Sulu
4. Mindanao
5. Tuan Masha'ika

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Mula sa ________ sa Mindanao, ang Relihiyong Islam ay mabilis na lumaganap sa Visayas at Luzon.<br>4. Islam ang pangunahing paniniwala sa lugar ng _____________.<br>5. Itinuturing si _____________ ang kauna-unahang nagpakilala ng Islam sa Pilipinas.<br><br>***Ikalawang Araw***<br>**KONSEPTO 2: PANINIWALA AT KULTURA NG MGA MUSLIM**<br><br>**LIMANG HALAGI NG ISLAM: FIVE PILLARS OF ISLAM**<br>Shahada<br>● Ito ang pagbigkas ng "walang ibang Diyos kundi si Allah at si Muhammed ang propeta ni Allah".<br>Salat<br>● Ito ang pagdarasal ng 5 ulit sa isang araw na nakaharap sa Mecca (banal na pook ng mga Muslim).<br>Zakat<br>● Ito ang pagbibigay ng tulong o limos na pananalapi sa mga mahihirap na kapatid na mga Muslim.<br>Saum<br>● Ito ay ang pag-aayuno sa panahon ng Ramadan (kaganapang pang-relihiyon ng mga Muslim).<br>Hajj<br>● Ito ang paglalakbay sa Mecca.<br><br>**PANINIWALA NG ISLAM**<br>Pinapayagan ng Islam ang polygamy o ang pagkakaroon ng mahigit pa sa isang asawa kung may kakayahan ang mga lalaki na buhayin ang mga ito. Pinagbabawal din nito ang pagsusugal, paggawa ng imaheng panrelihiyon, pag-inom ng alak at lalo na ang pagkain ng karne ng baboy.<br><br>**KULTURANG MUSLIM**<br>Pamahalaang Sultanato:<br><br>Sultan – ang pinakamakapangyarihan at katuwang sa pamamahala<br>Raja Muda – tagapagmana ng trono<br>Dayang – prinsesa<br>Kali – tagahukom | Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niya ay angkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng aralin.<br><br>Sa bahaging ito, gagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa mga kaugnay na disiplina o asignatura ng kasaysayan. Para sa konsepto o ideyang pag-uugnay, maaaring |

Wazir – punong ministro

Sarimanok – ito ay sagisag ng pagkakaroon ng dugong bughaw, katanyagan, kayamanan, karangalan.
Okir- ito ay disenyong pakurba-kurba (katutubong tradisyon ng pag-uukit)

Epiko:
- Darangan – Maranao
- Indarapatra and Sulayman – Maguindanao
- Parang-sabil - Tausug

**Gawain 5: TUKLAS-LUTAS ANG IPAMALAS!** Panuto: Punan ng tamang datos ang talahanayan ng paghahambing sa Islam, sa sinaunang relihiyon at ang relihiyong iyong kinabibilangan.

| **Batayan ng Paghahambing** | **Islam** | **Sinaunang Relihiyon (Animismo)** | **Relihiyong Kinabibilangan** |
|---|---|---|---|
| Pangalan ng Diyos | | | |
| Banal na Aklat | | | |
| Mga Pinuno sa pagsamba | | | |
| Paniniwala sa kanilang Diyos | | | |

itananong ng guro ang mga sumusunod:
- Ano ang pagkakapareho o pagkakaiba ng paniniwala ng mga iba't ibang relihiyon?
- Paano nakatutulong pagkaintindi natin sa mga paniniwala para sa pagkakaisa ng mga mamamayan?

Ang guro ay may kalayaang magtanong pa ng iba pang tanong na angkop sa gawain.

Sa bahaging ito ng aralin, ang mga guro ay maaaring gawing gabay ang mga makikitang larawan sa paglalahad ng nalalaman tungkol sa aralin. Mayroong kalayaan ang guro na baguhin o palalimin pa ang mga katanungan na sa tingin niya ay mas magiging maganda at maayos para sa pag-unawa ng mga mag-aaral.

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | |

**PIC-TALK!**

Ang mga mag-aaral ay bubunot ng larawan na kanilang iprepresent. Gagawan nila ito ng 3-5 pangungusap at ipakita ito sa klase.







______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______

**D. Paglalahat**
***(Abstractions)***

***Ikatlong Araw***

**Gawain 6:3-2-1 REPLEKSYON: ISLAM SA PILIPINAS**

Sa bahaging ito, itatala ng mga mag-aaral ang mga impormasyon o detalyeng kanilang nakalap o naunawaan sa aralin. Gawing gabay ang makikitang tsart. Ang mga mag-aaral ay magbigay ng:

| | | |
|---|---|---|
| **3 bagay na bagong** | **2 tanong tungkol sa** | **1 bagay na gusto** |

Ang bahaging ito ay maaaring gawaing pangkatan. Ang guro ay maaaring magbigay ng mga *clues* para mas madaling iproseso ng mga mag-aaral ang gawain.

| natutunan nila tungkol sa paglaganap at katuruan ng Islam sa Pilipinas at ang Sultanato. | paksa. | nilang paalalahanan ang sarili tungkol sa leksyon na ito. |
|---|---|---|
| 1 ____________________ ____________________<br>2 ____________________ ____________________<br>3 ____________________ ____________________ | 1 ____________________ ____________________ ____________________<br>2 ____________________ ____________________ ____________________ | 1 ____________________ ____________________ ____________________ __ |


**Gawain 7: TWEET-LENGTH SUMMARY**

Sa bahaging ito, ang mga mag-aaral ay magsulat ng isang maikling “tweet length” na buod o pahayag tungkol sa kanilang natutunan sa leksyon tungkol sa Islam sa Pilipinas. May limit na 280 karakter o mas mababa, tulad ng pagpo-post sa Twitter.

Ang guro ay may kalayaan na baguhin ang konsepto ng mga gawain na naaayon sa lebel ng pang-unawa at kasanayang kailangang makamit ng mga mag-aaral.


Ang guro ay may kalayaan rin na pumili mula sa mga sumusunod na gawain ang kaniyang maaaring ipagawa sa klase batay sa kung paano at araw/oras na nakamit ng mga mag-aaral ang kasanayang kanilang dapat taglayin sa aralin.

Ang guro ay maaaring magbigay ng katanungan dito para mas magabayan pa ang mga mag-aaral.




**EXIT TICKET:**

Ang mga mag-aaral ay kanilang sasagutin ang “exit ticket form” bilang tanda ng pagtatapos ng kanilang pag-aaral ng aralin.

| | | |
|---|---|---|
| |  | |

name:
exit
ticket
© 2017 Teacher Gameroom

**E. Pagtataya** ***(Tools for Assessment)***

***Ikaapat na Araw***

**Gawain 8: TAYAHIN ANG MGA NILALAMAN**

Panuto: Lagyan ng **tsek (/)** kung ang ipinapahayag ng pangungusap ay tama at **ekis (x)** kung mali. Isulat ang iyong sagot sa isang sagutang papel.

_______1. Ang relihiyong Islam ay dala ng mga mangangalakal na Arabong Muslim.
_______2. Si Tuan Masha'ika ang itinuturing na kauna-unahang nagpakilala ng relihiyong Islam sa Pilipinas.
_______3. Unang lumaganap ang relihiyong Islam sa Mindanao.
_______4. Si Rajah Baginda ay hindi nagtagumpay sa paghikayat ng ilang katutubo sa Sulu na lumipat sa relihiyong Islam.
_______5. Mula sa Mindanao ay mabilis na lumaganap ang relihiyong Islam sa Luzon at Visayas.

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang salitang **TAMA** kung wasto ang pangungusap at **MALI** kung hindi.

_____ 6. Dala ng mga mangangalakal na Espanyol ang relihiyong Islam kaya ito nakarating sa Pilipinas.
_____ 7. Si Sharif Kabungsuwan ang nagtatag ng pamahalaang sultanato sa Sulu.
_____ 8. Ang relihiyong Islam ay isang mahalagang impluwensiyang umambag sa kultura ng mga Pilipino.
_____ 9. Nang dumating ang mga Espanyol, nagtungo ang mga katutubong Muslim sa katimugang bahagi ng Pilipinas upang mapanatili ang kanilang pagsasarili.
_____ 10. Unang lumaganap ang relihiyong Islam sa Luzon.

**PAngkatang Gawain: MagSALAYSAY ng May SAYSAY!**

Ang mga mag-aaral ay magpapangkat sa iba't ibang grupo. Sila may magiging ambassadors ng goodwill and peace dito sa Pilipinas. Sila ay magbabahagi ng mga kailangang impormasyon patungkol sa Islam at mga Muslim. Sila ay mabibigyan tig-isa ng dalawang minuto para ibahagi ang kanilang nalalaman sa pamamagitan ng *round robin technique.*

Gawing gabay ang rubric na ito sa pagprepresenta.

| Mga Pamantayan | Napakahusay (3) | Mahusay (2) | Kailangan pang Magsanay (1) |
|---|---|---|---|

TAMANG SAGOT:
1. /
2. /
3. /
4. X
5. /
6. MALI
7. TAMA
8. TAMA
9. TAMA
10. MALI

Ang bahaging ito ay maaaring gawaing pangkatan. Ang guro ay maaaring magbigay ng mga *clues* para mas madaling iproseso ng mga mag-aaral ang gawain.

Ang guro ay may kalayaan na baguhin ang konsepto ng mga gawain na naaayon sa lebel ng pang-unawa at kasanayang kailangang makamit ng mga mag-aaral.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Akmang-akma sa paksa ang gawain. | Ilang bahagi lamang ang akma sa paksa | Lubos na hindi akma sa paksa ang gawan. |
| Kaayusan at Kalinisan | Lubos na maayos at malinis ang kabuoang gawain. | May mga bahaging hindi maayos at malinis ang gawain. | Hindi malinis at walang ayos ang gawain. |
| Organisasyon ng mga Ideya | Malinis ang pagkakalahad ng mga ideya. | May mga bahaging hindi malinaw sa pagkakalahad ng mga ideya. | Magulo ang pagkakalahad ng mga ideya. |
| Pagkakaugnay ng mga Pangungusap | Lahat ng mga pangungusap ay may kaugnayan sa paksa. | May mga pangungusap na hindi kaugnay sa paksa. | Hindi magkakaugnay ang mga pangungusap. |
| Takdang Oras | Natapos sa takdang oras ang gawain. | Lumagpas ng 30 minuto sa takdang oras. | Lumagpas ng isang araw sa takdang oras bago matapos ang gawain. |
| | | Kabuoan | |

**Gawain 9: DYORNAL NG KARUNUNGAN**
Ang mga mag-aaral ay kanilang itatala at sasabihin ang kanilang kasagutan sa mahalagang tanong bilang paglalahat sa aralin.

***Bilang estudyante, paano mo maipapaliwanag ang mga pananaw ng mga mamamayan patungkol sa Islam at mga Muslim?***

Ang guro ay may kalayaan rin na pumili mula sa mga sumusunod na gawain ang kaniyang maaaring ipagawa sa klase batay sa kung paano at araw/oras na nakamit ng mga mag-aaral ang kasanayang kanilang dapat taglayin sa aralin.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| ***F.*** **Pagbuo ng Anotasyon**<br>Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo. | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong pamamaraan** | **Problemang naranasan at iba pang usapin** | |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |


| G. Pagninilay | | |
|---|---|---|
| Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito. | **GABAY NA TANONG SA PAGNINILAY (Para sa mga mag-aaral)** (see table below); **Para Sa Guro** – **PASKILATIS (Face and Book Your Self for a Self Exploration Trip)** (see below) | |

**GABAY NA TANONG SA PAGNINILAY (Para sa mga mag-aaral)**

| | |
|---|---|
| **Ano ang aking naranasan?** | |
| **Ano ang aking naramdaman?** | |
| **Ano ang aking gagawin?** | |

**Para Sa Guro**

**PASKILATIS (Face and Book Your Self for a Self Exploration Trip)**




Pakiramdam ko, ang linggong ito ay sapagkat

________________________________________

________________________________________

Naging mapanghamon ang pagtuturo dahil

________________________________________

________________________________________

Sa huli, nagtagumpay ang pagtuturo sapagkat ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay makikita sa

________________________________________

________________________________________


| | |
|---|---|
| ***Inihanda nina:*** **MARK IAN C. TAGAMI**<br>**MARIVIC M. PIMENTEL** | ***Sinuri ni:*** **MARIVIC M. PIMENTEL, Ph.D.** |
| ***Institusyon:*** **MARIANO MARCOS STATE UNIVERSITY**<br>**PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY, MANILA** | ***Institusyon:*** **PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY** |